# ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN

**KUNG KAYO AY MAKIKITA NG ICE O MGA PULIS SA KALSADA, O KAYA'Y BISITAHIN SA INYONG MGA TAHANAN O SA LUGAR NA KUNG SAAN KAYO AY NAGTATRABAHO O KAYA'Y PAHINTUIN NG ICE O PULIS ANG INYONG MINAMANEHONG SASAKYANL TANDAAN ANG MGA SUSUNOD NA DAPAT NINYONG GAWIN:**




- Huwag ninyong sagutin ang anumang mga tanong hinggil sa kalagayan o status ng inyong imigrasyon kahit kayo ay nahuli sa trabaho, sa bahay o habang nagmamaneho ng sasakyan.
- Huwag kayong pumirma ng anumang dokumento nang hindi nakikipag-usap sa inyong abogado kahit kayo ay kinukulong o hinuhuli na.
- Huwag kayong mag-plead ng guilty sa anumang kriminal na kasong isasampa laban sa inyo nang hindi kumukunsulta o nakikipag-usap sa inyong abogado at kung ano ang epekto nito sa inyong immigration status.




## KUNG KAYO AY PUNTAHAN NG ICE SA INYONG MGA BAHAY:

- HUWAG BUKSAN ANG PINTO. Tandaan na ang ICE ay pwedeng magsinungaling kung sino sila.
- Maging kalmante lamang at huwag magsinungaling. Sabihin na "ayaw ninyong sumagot sa kanilang mga tanong". O kaya ay "sabihing nais kung gamitin ang aking karapatan na manatiling tahimik" at ito lamang ang inyong sasabihin.
- At kung magpilit pumasok sa loob ng inyong bahay ang ICE, sabihing hindi ninyo sila pinahihintulutan na maghanap o mag-inspekyon sa inyong mga gamit.





## KUNG KAYO AY PINAHINTO NG ICE SA KALSADA O SA ISANG PAMPUBLIKONG LUGAR:

- Manatiling kalmante. Huwag kayong tumakbo! Kung posible at ligtas na gawin ito, kumuha ng litrato, video o kaya'y isulat ang inyong engkwentro sa ICE.
- Itanong kung kayo ay hinuhuli at ikukulong ngunit huwag ninyong sagutin ang kanilang mga tanong.

- Kung ksnilang sinasabi na kayo ay hindi hinuhuli, itanong kung maaari o libre na kayong umalis.

- Huwag magdala ng anumang dokumento na nagsasabi kung saang bansa kayo pinanganak. Huwag ninyong dalhin ang inyong pasaporte, birth certificate o consular na ID. Magdala ng lokal na ID na may litrato-, lisensya sa pagmamaneho (driver's license), ID sa eskwelahan o trabaho ay maaaring gamitin. Dalhin din ang anumang pruweba nang tagal nang inyong paninirahan sa Amerika bago Pebrero ng 2014 tulad ng kopya ng inyong bill sa telepono, gas o koryente. Huwag kayong magdala ng anumang dokumentong hindi totoo o fake.




## KUNG KAYO O ANG INYONG MAHAL SA BUHAY AY ARESTUHIN NG ICE Ai IKULONG:

- Sabihin na gusto ninyong kausapin ang inyong abogado. Huwag ninyong sagutin o kaya'y pumirma ng anumang dokumento nang wala ang inyong abogado.

Para sa iba pang kaalaman hinggil sa Inyong mga Karapatan; pumunta p bumisita sa **ALTOTRUMP.COM**

Special thanks to Lolita Andrada Lledo/Pilipino Workers Center for Tagalog translation.

NDLON
NATIONAL DAY LABORER ORGANIZING NETWORK

TANDAAN na ang laman ng polyetong ito ay hindi nangangahulugan ng legal na payo. Kumunsulta sa isang abogado sa imigrasyon para sa mga paying legal.

PWC
PILIPINO WORKERS CENTER